

# Mapanganib ba ang aking lugar na pinagtatrabahuan?

Kapag may taong nanloko, nanakit, o namilit ng isang bata na nasa edad 18 pababa na magtrabaho para kanila nang hindi tama ang pagtrato o sapat na pagbayad, **ito ay tinatawag na child labor trafficking**. Maaaring ito ay nasa trabaho tulad nang paglilinis ng bahay o pagtatrabaho sa bukid, pati na rin ang pamamalimos at pagbebenta ng mga bawal na gamot. Mahalagang tandaan na **ito ay mali** at **IKAW ay may karapatang makakuha ng tulong**.

## Maaaring nasa situasyon ka ng trafficking kung:



Hindi ka sigurado kung **kailan** at **paano** ka babayaran



Nakatira ka **sa parehong lugar** kung saan ka nagtatrabaho



Hindi ka **pinapayagan na maka-usap** ang iyong pamilya



Tinatakot ang iyong pamilya sa inyong **bansa**



Hindi ka **pinapayagan na mag-aral**



Ikaw lamang ang **nag-aalaga sa mga kabataan**



Inaasahan ka **na maglingkod sa iba** kahit na ayaw mo



Mayroong nangangako na sila ay magbabayad **ng iyong utang** kung ikaw ay magtatrabaho para sa kanila



May **kumuha ng iyong mahahalagang dokumento** tulad ng iyong pasaporte o ID



Ikaw ang **inaasahan sa pinansyal para sa iyong pamilya**



Nasaktan ka at ang iba **habang nagtatrabaho** at hindi pinapayagan na magpatingin sa doktor



Ikaw ay tinatakot na isusuplong **sa immigration** o made-deport



**Kung ikaw o iyong kakilala ay nakararanas nito, mayroong tulong!**

Tumawag sa 911 kung ikaw ay nasa panganib. Tumutulong ang National Human Trafficking Hotline [Pambansang Hotline sa Human Trafficking], **24 oras kada araw, 7 araw kada linggo** sa pagtawag sa 1-888-373-7888 na may tulong sa halos **200 wika**.